

SAMA-SAMA NATING
GAWIN ANG PLANO NG

NAGOYA



Tungo sa Hinaharap
ng Nagoya Bilang
Nangungunang Lungsod
sa Buong Mundo!




Ang 2023 Master Plan ng Lungsod ng Nagoya para sa Bagong Henerasyon

Paano uunlad ang Nagoya sa Reiwa,
ang bagong imperyal na Henerasyon ng Japan?
Magiging anong uri ng lungsod ito?

Layunin ng aklat-gabay na ito ay ang ibahagi sa lahat
ang 2023 Master Plan ng Lungsod ng Nagoya sa
pag-asang sama-samang makalilikha ng
hinaharap ng Nagoya

Sama-sama nating isagawa ang plano ng NAGOYA!



MGA NILALAMAN

Paunang Salita - Panayam kay Mr. Hayashi Osamu	3
Tungkol sa Master Plan	5
1 Ang Kasalukuyan at Hinaharap ng Nagoya	6
Mga Kalakasan ng Nagoya	7
Ang Pagbabagong Panlipunan sa Nagoya	8
Patakaran sa Pagplano ng Siyudad	9
Ang 5 Bisyon para sa Nagoya	11
Ang Proseso sa Pagbabalangkas ng Master Plan	13
2 Pagtamo ng 5 Bisyon ng Nagoya	14
Bisyon 1	15
Bisyon 2	17
Bisyon 3	19
Bisyon 4	21
Bisyon 5	23
Pagpapahusay ng mga serbisyo para sa mamamayan	25
Pagkakataon nang magningning ng Nagoya!	27
Mga SDG	29
3 Mga Mahahalagang Estratehiya	30
Estratehiya 1	31
Estratehiya 2	33
Estratehiya 3	35
Estratehiya 4	37
Ang Gusto ko Tungkol sa Nagoya	39





Kabataang Pinaliligiran ng mga Aklat

- Ano ang mga alaala mo sa Nagoya?

Pagkatapos kong magkolehiyo sa Tokyo, mga 30 taong gulang ako noon, bumalik ako sa Nagoya. Kasalukuyan akong naka-base sa Nagoya at Tokyo.

Isa sa mga naalala ko noong kabataan ko ay ang madalas kong pagpunta sa Higashi Library at Meito Library upang humiram ng maraming aklat pangkasaysayan at pangliteratura. Parehong aklat ang aking hinihiram, at isinasauli muli (tumatawa). Gustong gusto ko rin noon ang pagtakbo, at ilan sa mga pinupuntahan ko ay ang Mizuho Park, Fukiage

Park, at Tsurumai Park. Tumatakbo ako ng mga 10-15 kilometro araw-araw. Makalipas ang mahabang panahon, tumakbo akong muli noong isang araw sa Meijo Park. Napakaganda talaga ng daanan at mahuhusay ang mga mananakbo roon. Nalungkot nga ako nang maunahan ako ng mga mananakbo! (tumatawa)

Naaalala ko rin ang lugar sa paligid ng Tokai High School kung saan ako madalas dumaraan. Mayroong isang makalumang pamilihan na animo'y tumigil ang panahon. Nalulugod ako sa pagsasanib ng makaluma at makabagong bagay sa Nagoya.



Panimula-
Panayam

Panayam/Osamu Hayashi

Gamitin ang Karunungan ng Nagoya at Makiugnay nang Direkta sa Mundo

Mula sa mga Produkto, Lalawak ang Sakop sa Mundo Maging ng mga Karanasan

- Ano ang inaasahan mo sa Nagoya sa ngayon?

Dahil naka-sentro sa Nagoya ang mga industriyang tulad ng sasakyan, tela, seramiko, at sasakyang panghimpapawid, malaking bahagi ang ginagampanan nito sa pagmamanupaktura sa Japan. Ito ang tiyak na kalakasan ng Nagoya na suportado ng daungan ng Nagoya. Nakamamangha na ang daungang ito ang may pinakamalaking bilang ng kargamento, halaga ng kargamento, at bilang ng iniluluwas na sasakyan sa Japan! Sa aking palagay, maaaring ipagmalaki ng Nagoya ang mga ganitong naabot. Bagamat maganda rin ang daanan mula sa Centrair (Chubu International Airport) maaaring hindi pa ito malawakang nakikilala sa buong bansa. Gayunpaman, ang daungan ng Nagoya at Centrair ay parehong mahalaga para sa logistikong imprastruktura, na mag-uugnay sa kanila sa mas produktibo at mas madaling paggawa sa Nagoya. Sa aking palagay, lalong nararapat na malaman ng mamamayan ng Nagoya ang mga

kapuri-puring aspeto ng Nagoya.

Ang Nagoya at ang mga nakapaligid na lugar dito ay tahanan sa maraming unibersidad, mga pinagpipitagang nakatanggap ng Nobel Prize, at mga isinasagawang pananaliksik na nangunguna sa mundo. Kung makaaakit ang Nagoya ng mga mahuhusay na mag-aaral mula sa Japan at ibang bansa, at maipakikilala sa kanila ang mga industriyang pangmanupaktura sa lugar na ito, magdudulot ito sa aking palagay ng malaking benepisyo sa hinaharap.

Ang pagbubukas ng Chuo Shinkansen Maglev line ang siyang magiging susi para sa hinaharap. Isang panibagong panahon ang naghihintay sa atin na maglalapit sa Nagoya at Tokyo sa loob lamang ng 40 minuto. At sa karagdagang pag-uugnay sa Osaka, magbubunga ito ng mas malawak na kapakinabangan sa larangan ng turismo, industriya, at kooperasyong pang-rehiyonal sa tatlong pangunahing punong-lungsod ng Tokyo, Nagoya, at Osaka. Inaalala ko lamang ang epekto nito sa galaw ng populasyon at ng ekonomiya dahil sa iikling oras ng biyahe papuntang Tokyo at Osaka. Ito ang tinatawag na "straw effect." Kung ang tao ay papunta ng Nagoya, sa Tokyo na lamang ito pupunta

林

o di kaya sa Osaka.” Dahil madali nang bumiyahe, dadaan-daanan na lamang ang Nagoya. Mahalagang maunawaan ang positibo at negatibong implikasyon nito at magkaroon ng malasakit upang ang Chuo Shinkansen ay hindi maging “double-edged sword”. Sa aking palagay, sa panahon na ito, mahalaga na hindi matangay sa kalakihan ng magagawang kabutihan ng ganitong pagbabago. Kinakailangan din ang pagkakaroon ng tamang pag-iisip tungkol sa maaaring maging masamang epekto nito.


Tayo ay nalalapit na sa panahon ng “pagkonsumo ng karanasan” at hindi na gaano sa “pagkonsumo ng produkto”. Sa paggamit ng teknolohiyang pang-industriyal at karunungan na bumuo sa bentahe ng Nagoya bilang isang punong-lungsod, makapagbabahagi ang Nagoya sa mundo ng maraming nakaakit na mga karanasan. Ang pagpapahusay sa mga karanasan na matatagpuan lamang sa Nagoya ang siyang direktang magkokonekta sa mundo --- at iyan ang aking ninanais para sa Nagoya.

Osamu Hayashi

修

Profile

Ipinanganak at nanirahan sa Nagoya. Nagtapos sa University of Tokyo Faculty of Law. Isang lecturer ng Modern Language sa Toshin High School, Toshin Satellite Preparatory School. Ang kanyang tanyag na kasabihan na, “Itsu yaruka? Ima desho! (Kailan mo gagawin? Ngayon na!)” sa isang patalastas ng Toshin High School ay nagwagi sa 2013 U-CAN New Words and Buzzword Awards. Kasalukuyang lumalabas sa “Nagoya desho!”. isang programang pang-impormasyon ng Lungsod ng Nagoya na ipinapalabas sa Chukyo TV Digital Channel 4.



TUNGKOL SA MASTER PLAN

Pangunahing Plano ng Pamahalaang Lungsod

Panimulang Plano ng Lungsod ng Nagoya

Patnubay ng Pangasiwaan ng Pamahalaang Lungsod

Ang Master Plan ng lungsod ng Nagoya ay isang pangmatagalang bisyon para sa ating lungsod na magtitiyak sa komprehensibo at sistematikong pangangasiwa ng pamahalaang lungsod. Ang Master Plan ay isang "blueprint" (detalyadong plano) na bumabalangkas sa mga kailangang gawin at ipatupad upang makamit ang bisyon sa hinaharap ng Nagoya.

Ang 2023 Master Plan ng Lungsod ng Nagoya ay naglalarawan sa magiging anyo ng lungsod sa 2030, pagkatapos idaos ang 20th Asian Games at pagbubukas ng Chuo Shinkansen (Maglev) line services sa pagitan ng Shinagawa (Tokyo) at Nagoya. Nakatala sa Master Plan ang listahan ng mga kailangan gawin na ipatutupad sa loob ng 5 taon, mula 2019 hanggang 2023.

Ang 2023 Master Plan ng Lungsod ng Nagoya

Patakaran sa Pagplano ng Siyudad

Ang Aming Bisyon para sa Lungsod ng Nagoya

Panghinaharap na Istruktura ng Lungsod

Mga Mahalagang Estratehiya

Mga Inisyatiba ng Pamahalaang Lungsod


45 na Hakbangin at 530 na Proyekto

Pangmatagalang Bisyon sa Pagpaplano ng Siyudad

Ipinaliliwanag ang Pamaraan sa Pagplano ng Siyudad para sa 2030, ang 5 Bisyon para sa Nagoya, Panghinaharap na Istruktura ng Lungsod, 4 na Mahahalagang Estratehiya at Ang Inisyatiba ng Pamahalaang Lungsod.


Mga Hakbang at Proyekto upang Makamit ang Bisyon ng Siyudad

Pagsisikapang isagawa ang 45 na hakbangin at 530 na proyekto alinsunod sa mga patakaran upang makamitan ang mga nabanggit na 5 Bisyon ng Nagoya na makikita sa "Pangmatagalang Bisyon sa Pagplano ng Siyudad."



Sa pagsukat ng kasalukuyang sitwasyon ng Nagoya, aming binalangkas ang paraan ng pagpaplano ng lungsod at ang bisyon ng Nagoya sa hinaharap.

Ang Kasalukuyan at Hinaharap ng Nagoya





Mga Kalakasan ng Nagoya

Maginhawa, Malapit, at Magandang Lugar para Manirahan

Maunlad ang imprastruktura at kapasidad ng Nagoya bilang punong-lungsod. Mayroon itong mga malalawak na kalsada, liwasan at maaliwalas na kapaligiran upang makapanirahan.

Maayos na makapamumuhay sa Nagoya at naghahandog ito ng malawak na serbisyong medikal at pampublikong transportasyon.




Ang Sentro ng Kalakalan sa Gitnang Japan

Matatagpuan sa gitna ng Japan ang Nagoya. Ito ay sentro ng malawakang distribusyon ng transportasyon. Mayroong mga riles ng tren, mga "expressway", paliparan, at daungan. Ang pagbubukas ng Chuo Shinkansen Maglev Line ay magbibigay daan upang lalong mapagyaman ang lokasyon ng lungsod.

Matatag at Malakas ang Ekonomiya

Ang rehiyon ay tahanan sa mga pang-industriyang teknolohiya na may pandaigdigang antas sa larangan ng kotse, eroplano, robot at makina.

Bukod dito, natitipon sa lugar na ito ang kaalaman sa pangangalakal at serbisyong pang-industriya na matatagpuan lamang sa malalaking siyudad. Maraming makukuhang trabaho rito dahil suportado ito ng malakas nitong ekonomiya.





Ang Pagbabagong Panlipunan sa Nagoya

Mga pagbabagong demograpiko sanhi ng pagbaba ng bilang ng isinisilang at ng tumatandang populasyon


Base sa mga pagsusuri sa populasyon, tinatayang bababa ang populasyon ng Nagoya sa 2023 habang nilagpasan ng bilang ng mga namamatay ang bilang ng mga isinisilang. Sa hinaharap, nakikinita na mababawasan ang bilang ng henerasyon ng mga manggagawang susuporta sa lahat ng bahagi ng lipunan at dadami ang bilang ng mga matatanda.



Pagkakaiba-iba sa uri ng pamumuhay at pinahahalagahan ng mga tao

Dahil sa nag-iiba't ibang pamumuhay at pagpapahalaga, ang istruktura ng mga pamilya at sambahayan ay nagbabago, tulad ng pagtaas ng bilang ng mga taong namumuhay mag-isa at ng paraan kung paano makipag-ugnayan ang tao sa isa't-isa.

Sa mga nakaraang taon, makikita ang mabilis na pagdami ng mga naninirahang dayuhan.



Mga alalahanin tungkol sa likas na kalamidad

Ang probabilidad na maganap ang napakalakas na lindol mula sa Nankai trough sa loob ng 30 taon ay tumataas ng may 70%-80%.

Sa karagdagan, dumami ang pagdalas ng malalakas na ulan nitong mga nakaraang taon.

Paglaki ng populasyon ng mga hindi residente

Dumarami ang mga bumibisita sa Nagoya, turistang lokal man o mula sa ibang bansa. Partikular dito ang pagtaas ng bilang ng mga bisitang dayuhan dahil sa pagsulong ng globalisasyon.

Pagbabago ng kapaligiran sa loob ng sektor ng industriya

Mabilis na nagbabago ang kapaligiran sa loob ng sektor ng industriya dahil sa pagsulong ng mga makabagong imbensiyong teknolohikal tulad ng IoT, AI, robot, at mga kotseng umaandar mag-isa.

May mga alalahanin din tungkol sa kakulangan ng mga manggagawa sa hinaharap dahil sa bumababang bilang ng mga isinisilang.

Patakaran sa Pagplano ng Siyudad

Nakalahad sa Patakaran ng Pagplano ng Siyudad ang pangkalahatang pamaraan sa tinatanaw na pagpapalano ng siyudad para sa 2030.



Pagtatag sa Nagoya bilang kaakit-akit na destinasyong global na sumasalamín sa pinagmamalaking siyudad.

Pagtatag sa Nagoya bilang nangungunang lungsod sa panahon ng Maglev trains.



Paglikha ng magandang para sa bagong Tungo sa Hinaharap bilang Nangungunang

Magiging isang atraksiyong pangturista ang pagpapanumbalik sa toreng kahoy ng Nagoya castle at lilikha ito ng makatotohanang modernong kuta sa Japan na itinalagang "Special National Historic Site" ng Nagoya Castle.

Paglikha ng matatag na hinaharap sa pamamagitan ng pagtatamo ng mga SGD bilang lungsod ng SDG sa hinaharap

Upang maprotektahan ang buhay at industriya mula sa mga sakunang dulot ng kalikasan, kinakailangang masiguro at matiyak ang kaligtasan sa araw-araw na pamumuhay.

Makatutulong sa paglago ng ekonomiya at pagkakaroon ng mga bagong pagpapahalaga ang paghikayat sa tao, ng kalakal, ng kapital, at paglikom ng impormasyon.

Pagpapalawak ng pakikipag-ugnayan sa lahat ng bansa sa Asya upang maitatag ang Nagoya bilang sentro ng internasyunal na pakikipag-ugnayan sa Asya at buong mundo.

Sa pamamagitan ng pagtatag ng mga pangunahing gawain sa kalakhang bahagi ng Nagoya, magbubunsod ito ng pagsulong.

kinabukasan panahon! ng **NAGOYA** Lungsod sa Buong Mundo

Gamitin nang mabuti ang kalakasan ng Nagoya



Gawing pinakamagandang lungsod sa Japan ang Nagoya para sa mga lumalaking pamilya! At pagsikapang magkaroon ng mapagkakatiwalaan at madaling maintindihan na sistema para sa kapakanan ng mga nangangailangan at para na rin sa matatanda.

Ang 5 Bisyon para sa Nagoya

Nakalahad sa mga sumusunod na 5 elemento ng bisyon ang hinaharap ng Lungsod ng Nagoya base sa Patakarán sa Pagpapalano ng



Pagtupad sa buhay na maaaring makapagsarili ang matatanda at may kapansanan.

Tiyak na ligtas at handa sa anumang sakuna

Isang lugar na maaaring magningning ang mga bata at kabataan.

Bisyon 1

Lungsod na iginagalang ang mga karapatang pantao at ang lahat ay maaaring makaranas ng magandang buhay at aktibong makalahok sa lipunan

- Lungsod kung saan iginagalang ang karapatang pantao at ang lahat ay kuntentong makapamumuhay.
- Lungsod kung saan ang lahat, kabilang ang mga matatanda at may kapansanan, ay kayang mabuhay mag-isa nang walang inaala.
- Lungsod kung saan ang uri ng buhay na pipiliin ng bawat tao ay kanilang maipamumuhay.

Bisyon 2

Lungsod na makapag-aalaga ng bata nang walang alalahanin at magagamit ng mga bata at kabataan ang kanilang potensyal.

- Lungsod kung saan walang alalahanin sa pagsisilang at pagpapalaki ng bata.
- Lungsod na puno ng ngiti, isang lugar na maaaring lumaki nang malusog at masaya ang mga bata.
- Lungsod kung saan maaaring maging aktibo ang mga kabataan sa paglikha ng sarili nilang kinabukasan.

Bisyon 3

Lungsod na nagsusuportahan ang bawat isa, nakapamumuhay nang ligtas at kampante dahil batid nila ang lubos na kahandaan ng lungsod sa anumang sakuna.

- Lungsod na may lubos na kahandaan sa mga sakunang dulot ng kalikasan tulad ng lindol at malakas na pag-ulan.
- Lungsod kung saan ang mga sunog, krimen, at mga aksidente sa daan ay bihirang mangyari.
- Lungsod kung saan matatamasa ng mga residente ang ligtas na pamumuhay.



Bisyon 4

Lungsod na ang lahat ay makapamumuhay nang may magandang ugnayan sa kalikasan.

- Lungsod na kombinyente at maginhawang tirahan.
- Lungsod na may kaaya-ayang likas yaman na bahagi na sa araw-araw.
- Lungsod na nangangalaga sa kalikasan, nagreresikulo, at may mababang lebel ng carbon.

Bisyon 5

Kaaya-aya at masiglang lungsod na bumibighani sa mga tao at mga negosyo sa buong mundo.

- Lungsod na may malakas na pagkakakilanlan at sariling pagpapahalaga sa lungsod.
- Lungsod na bukas sa mundo at nakaaakit ng mga tao at mga negosyo sa buong mundo.
- Lungsod na bumubuhay sa lokal na industriya at may mataas na antas sa pakikipagtagisan sa mga industriya.

Ang Proseso sa Pagbabalangkas ng Master Plan

Ang 2023 Master Plan ng Lungsod ng Nagoya 2023
ay naibalangkas sa pakikipagtulungan ng mga mamamayan ng Nagoya

Taong Piskal 2017	Hul. hanggang Ago.	Pagtatanong sa 20,000 na mamamayan	
	Nob.	Pagtatanong sa mga taong papasok sa opisina at eskwela	
	Ene.	Pagdinig ng opinyon ng mga dayuhan	
	Peb.	Pagdinig ng opinyon ng mga bata 1	
	Peb.	Pagdinig ng opinyon ng mga empleyado at ng kumpanyang sumusuporta sa pagsulong ng mga kababaihan	
	Mar.	Pagdinig ng opinyon ng kabataan (estudyante)	
	Mar.	Pagtatanong sa mga residente ng mga napiling lungsod ng pamahalaan	
Taong Piskal 2018	Ago.	Paglalathala ng pansamantalang plano (interim plan)	
	Ago. hanggang Dis.	Paghingi ng mga opinyon sa publiko tungkol sa interim plan	
	Set. hanggang Okt.	Pagdinig ng opinyon sa mga pamilya na may maliliit na bata 2	
	Okt. hanggang Nob.	Pagdinig ng opinyon ng kabataan U39 Future Session@758 3	
	Okt. hanggang Dis.	Pulong Bayan 4	
	Nob. hanggang Dis.	Pangunahing debate sa internet gamit ang "HAMAgree", isang malawakang sistema ng pangongolekta ng opinyon (Pampublikong eksperimento sa tulong ng Nagoya Institute of Technology)	
	Dis.	Pagdinig ng opinyon ng mga dayuhan	
Taong Piskal 2019	Ene.	Paghahanda ng susunod na "Master Plan ng Lungsod ng Nagoya" workshop para sa mamamayan ng lungsod 5	
	Hul.	Paglalathala ng 2023 Master Plan ng Lungsod ng Nagoya (Draft)	
	Hul.	Komento ng publiko	
	Set.	"Hinggil sa Pagbabalangkas ng 2023 Master Plan ng Lungsod ng Nagoya" na naaprubahan (naipasa na may pagbabago) sa pagpupulong ng Sanggunian ng Lungsod ng Nagoya noong Setyembre	
	Okt.	Paglalathala ng 2023 Master Plan ng Lungsod ng Nagoya	



Isinagawa ang 45 hakbangin upang maisakatuparan ang 5 bisyon ng Nagoya at maisulong ang mga serbisyo para sa mamamayan.

Ang pagpapalano para sa kinabukasan ng Nagoya ay dala ng pagtutulungan ng mga mamamayan ng Nagoya at ng pamahalaang lungsod.

Ibabahagi ang mga aktibidad ng mga mamamayan ng Nagoya sa iba't ibang larangan na may kaugnayan sa bisyon ng lungsod, at iba pa.

PAGTAMO NG 5 BISYON NG NAGOYA



* Ang mga kagawaran, mga posisyon, at iba pang detalye ay batay noong panahon na naisagawa ang panayam.

Bisyon

1

Lungsod na Iginagalang ang mga Karapatang Pantao at ang Lahat ay Maaaring Maranasan ang Magandang Buhay at Aktibong Makalalahok sa Lipunan.

Ang Hindi Mapapalitan na Diwa ng Katuparan

- Pakikwento ninyo ang tungkol sa Kapisanan ng mga Samahan ng mga Senior Citizen sa Lungsod ng Nagoya.

Sinasabi na nasa panahon na tayo ng dantaon, at tayo ay nababalisa kung hanggang kailan tayo mananatiling malusog. Kahit na tayo'y mabubuhay nang mahabang panahon, hindi magtatagal, mararatay at magkakaroon tayo ng demensya. Napakahirap isipin ang ganyang sitwasyon, at para sa mga

matatanda, ang pagiging malusog ang siya nilang pinakaaasam. Ang Samahan ng mga Senior Citizen ay isang organisasyon ng mga matatanda na may malawak na "network" sa buong bansa at nagsisikap na lumikha ng isang lipunan na maaaring mamuhay nang ganap at malusog habang nakatutulong sa lipunan sa pamamagitan ng mga aktibidad na boluntaryo.

Ang Kapisanan ng Samahan ng mga Senior Citizen ng Lungsod ng Nagoya ay may 1,281 na grupo at may mahigit na 56,000 na miyembro (sa ngayong Enero, 2020). Layunin ng samahan ang isulong ang buhay na malusog, may katuparan, at ang pagpapaunlad ng komunidad na may islogan na "Mabuhay nang Mahaba at Malusog para sa Komunidad." Mahalaga na nasa lugar na malapit sa kabahayan ng mga miyembro ang mga samahan ng mga senior citizen bilang isang pagtitipon ng mga magkakapitbahay na magkakakilala upang maging madali at madalas ang pakikibahagi. Masaya ang maglakad-lakad, mag-ehersisyo, maglaro ng golf, maglinis parke at iba ng pang mga aktibidad, maging ang paminsan- minsang pagbibiyahе, kasama ang mga kapwa miyembro na may karanasan at pamilyar sa komunidad ay nakapag-aambag sa mga lokal na aktibidad. Ang ganitong diwa ng katuparan ay mahalaga sa mga senior. Ang bayan na may malalakas na matatanda ay tunay na masiglang bayan.

Ang sikreto sa mahaba at malusog na buhay ay ang mga aktibidad ng mga samahan ng senior citizen na may mahalagang tungkulin sa lipunan

Yoshitaka Samizo

Tagapangulo
Lungsod ng Nagoya
Kapisanan ng mga Samahan
ng mga Senior Citize
(Samahan para sa Kapakanan
ng Publiko, Inc.)

Ang Tungkulin ng mga Samahan ng mga Senior Citizen na Umiiral sa Komunidad

- Anu-ano ang ilan sa mga gawain ang nais mong pagsumikapan o pagtuunan ng pansin sa hinaharap?

Habang ikaw ay tumatanda, may mga bagay na hindi mo na kayang gawin tulad ng dati, at makararanas ka ng di kaginhawaan sa iyong buhay. At diyan kami pumapasok, dahil nauunawaan namin ang mga lokal na kondisyon at mga nararamdaman ng mga taong nasa pareho naming henerasyon. Mahalaga ang sabihing, "Sama-sama tayong magsaya" at maging mapagbigay sa isa't isa.

Ang maganda sa mga samahan ng mga senior citizen ay naka-ugat ito sa lugar kung saan ang mga miyembro ay sanay nang mamuhay, pinag-iisa ang mga miyembro sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan, at nilulutas ang mga suliraning lokal. Sa aking palagay ang pagkokonekta sa mga linya kaysa sa mga tuldok ay malaking bagay tungkol sa mga samahan ng mga senior citizen, at nais kong ipagpatuloy na itaguyod ito. Upang gawing mas pamilyar ang mga aktibidad at mga atraksyon, ang Samahan ng mga Senior Citizen sa Lungsod ng Nagoya ay tinawag na, Samahang "Nagoyaka" (Palakaibigan). Habang nakikinig sa mga opinyon ng mga miyembro at hindi miyembro, sinisikap namin na maging isang samahan ng mga senior citizen na namumukod tangi at nakatatagwag pansin sa paligid ng Japan. ('Neighborly') Club Nagoya".



Physical Fitness Test sa Kita Lifelong Learning Center Gymnasium

column

Boccia para sa lahat!

Ang boccia ay isang opisyal na larong pampalakasan na nilalaro ng mga may kapansanan gamit ang wheelchair. Ang layunin ng laro ay madala ang 6 na pula at 6 na asul na bola malapit sa kulay puti na bolang target na tinatawag na "jack." Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagpalo, paggulong, at pagpapatumba sa ibang bola na nakaharang. Ito ay maaaring masayang laruin ng mga bata hanggang sa mga senior na may anumang kapansanan. At kung ang pag-uusapan ay ang mga mahuhusay na manlalaro, mamamangha ang mga manonood sa mga detalyadong istrategiya at katumpakan sa kasanayan ng paghagis.



Mga larawan mula sa Japan Boccia Association

Mga hakbangin sa pagtamo ng ating bisyon para sa Nagoya

1. Paglikha ng isang lipunan na walang diskriminasyon at pagkiling at ang bawat karapatang pantao ay iginagalang.
2. Komprehensibong maitaguyod ang pantay na pagtingin sa mga kasarian.
3. Pagbigay ng suporta upang makamit ang habambuhay na kagalangang mental at pisikal.
4. Maghanda ng sistemang ang lahat ay makatatanggap ng nararapat na pangangalagang medikal.
5. Tulungan ang mga matatanda na magkaroon ng hangarin sa buhay.
6. Tulungan ang mga matatanda na mabuhay sa komunidad nang may kapayapaan ng isip.
7. Pagbigay ng suporta upang makatanggap ng kalinga nang may kumpiyansa.
8. Pagbigay ng suporta sa mga may kapansanan na makapamuhay nang may kapayapaan ng isip at hindi umaasa sa iba.
9. Isulong ang pagbibigay ng trabaho upang ang lahat ay makapaghanapbuhay nang may motibasyon.
10. Pagbigay ng suporta sa habambuhay na pagkatuto at pagkakaroon ng layunin sa buhay sa pamamagitan ng palakasan.



Key Performance Indicators	Latest current value	Target value FY 2023	Target value FY 2030
Porsyento ng mga mamamayan na may pananaw na ang karapatang pantao ay iginagalang sa lipunan	69.5% (FY 2018)	72%	75%
Porsyento ng mga matatanda na mayroong malalapitan sa kapitbahayan o rehiyon sakaling mangailangan ng tulong	63.7% (FY 2018)	70%	75%

Bisyon

2

Lungsod na Makapag-aalaga ng Bata nang Walang Alalahanin at Magagamit ng mga Bata at Kabataan ang Kanilang Potensyal.

Pagsuporta sa pagtutulungan ng mga bata at mga may sapat na gulang. Pagbubuo ng kaugnayan upang sama-samang lumago sa kasalukuyan at hinaharap.

Tomoko Ono

Kodomo NPO Inc.,
Director
Nonprofit organization

Ang Bawat Bata ay Mayroon ding mga Karapatan

- Pakikwento sa amin ang tungkol sa Kodomo NPO

Ang Kodomo NPO ay base sa karapatan ng mga bata na lumaki, maprotektahan, at makilahok na nakapailalim sa Convention on the Rights of the Child (pinagtibay sa United Nations General Assembly noong Nobyembre 1989). Kami sa Kodomo NPO ay bumubuo ng iba't ibang gawain para sa mga sanggol hanggang sa mga batang nasa sapat na gulang para makalikha ng mga lugar at oportunidad para sa pakikibahagi sa lipunan at kapwa makabuo rin ng isang lipunang matatag. Nilalayan namin na makalikha ng isang lipunan kung saan ang mga bata ay maaaring mag-isip at kumilos para sa kanilang kasalukuyan at kinabukasan sa pamamagitan ng mga aktibidad na interesante sa kanila tulad ng laro, pag-aaral, pagkain, at lokasyon. Sa hindi katagalang panahon, naging isang sulinaring panlipunan ang kahirapan ng mga bata. Kaya't kami'y kumilos bilang isang grupo, at ang mga bata at mga may sapat na gulang ay magkatuwang sa pag-iisip upang ang mga bata ay magkaroon ng sarili nilang kalakasan. Ang Child and Childcare Support Center ng Lungsod ng Nagoya (na may 758 Kids Station) kung saan ako nagtatrabaho ay karamihang para sa maliliit na bata na may edad na 0-2 at sa kanilang mga



Ang mga nangangasiwa sa childcare ay nasa 758 Kids Station



magulang.

Madalas kong sinasabi sa pamamagitan ng mga lektura na ang mga sanggol ay may mga karapatan din. Tulad ng isinaad sa Convention on the Rights of the Child at ng Nagoya Children Ordinance, na mahalaga ang pagsuporta sa "childcare" hindi lamang para maging mas madali sa mga magulang ang pag-aalaga ng mga bata, kung hindi para maging mas madali sa mga bata ang lumaki sa Nagoya. Habang ang mga sanggol ay nasasakop ng mga karapatan, kailangan nila ng espesyal na proteksyon. Ipinahahayag ng mga sanggol ang kanilang mga nararamdaman at emosyon sa pag-iyak at pagtawa kaysa sa pagwiwika ng mga salita; ito ay paghahayag ng opinyon na humahantong sa partisipasyon. Nararapat na magkaroon ng kaalaman ang mga

sumusuporta tungkol sa "child development" at ang kakayahang maunawaan ang gusto ng mga bata at ng kanilang nararamdaman.

Ang Karapatang Lumikha ng Hinaharap nang Magkakasama

- Anu-ano ang ilan sa mga gawain ang nais mong pagsumikapan o pagtuunan ng pansin sa hinaharap?

Isang mahalagang panahon ang kasanggulan sa pagbubuo ng panghabambuhay na pundasyon. Naniniwala kaming mahalaga ang pagsuporta sa mga magulang na siyang pinakatutok sa mga bata sa panahong iyon, at kami'y kumikilos upang mapaunlad ang kanilang kaalaman. Habang ang bilis ng pagsisilang ay bumababa sa ating lipunan, ang pagtatatag ng mga lugar para sa pangangalaga ng bata ay umuusad. Ang bilang ng mga taong bumibisita o gumagamit ng mga umiiral na tagpuan ay bumababa at tila kumakalat. Sa nakalipas, ang mga pamilyang may mga bata ay madalas na nagbibisita. Subalit ngayon, tila nag-aalala sila at nababahalala kung ano ang kanilang gagawin sakaling ang mga anak nila ay makagulo sa ibang sambahayan. Tayo ay nasa panahon na nahahanap agad "online" ang mga solusyon sa mga problema, pero kinakailangang may abilidad tayong humatol at hindi maimpluwensyahan ng impormasyon. Mayroong pangangailangan upang makagawa ng mga oportunidad at mga lugar para sa pag-uusap ng mga magulang at hindi maramdaman ang tensyon sa pag-iisa. Sa ganitong panahon kung saan ang mga sitwasyong panlipunan ay nagbabago bawat sandali, umaasa kami na makapagbibigay kami ng karunungan at mga kakayahang makagawa ang mga magulang ng mga desisyon at hindi matangay ng impormasyon upang ang mga bata ay mapapalaki nang tiyak ang kaligtasan.

Bukod diyan, may karapatang magkasamang lilikha ng hinaharap ang mga bata at mga may sapat na gulang. Ang lahat ay maaring gumanap ng papel. Nais naming makapagtatag ng ganyang ugnayan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga bata at mga may sapat na gulang.

column

Ang Daan Tungo sa Mundo

Binuksan ang Global Education Center sa loob ng Nagoya City Education Center noong Hulyo 2019 upang makalikha ng mga oportunidad para sa mga aktuwal na karanasan ng mga natutunan sa paaralan. Ito ay upang mapagpamayan ang mga talento ng kabataan sa pagganap ng aktibong tungkulin sa pandaigdigang lipunan. Isa itong bagong pasilidad kung saan ang mga bata sa Nagoya ay maaaring makaranas ng isang pandaigdigang lipunan. Kasama ang mga kurso ng mga lektor ng mga unibersidad mula sa ibang bansa at mga "English camp" na may pakikipagpalitan ng mga aktibidad sa mga native speakers.



Lekturang isinagawa ng mga propesor mula sa mga unibersidad ng ibang bansa.

Mga hakbangin sa pagtamo ng ating bisyon para sa Nagoya

11. Makalikha ng isang kapaligiran na ang mga magulang ay makapangananak at makapagpapalaki ng mga bata na may kapayapaan ng isip.
12. Pagbigay ng suporta sa mga bata at mga sambahayan para matiyak na lalaki ang mga bata nang malusog at masaya.
13. Pagproteka sa mga bata mula sa pang-aabuso at pambu-bully, at mapigilan ang pagtanggig ng mga paaralan.
14. Pagpapahalaga sa sariling katangian ng bawat bata at matiyak na makatatamo ng malawak na kasanayang akademiko, katalinuhan, at malusog na pangangatawan.
15. Makalikha ng isang lungsod na ang nakababatang henerasyon ay matututo, lalaki, at magiging aktibo sa lipunan.



Key Performance Indicators	Latest current value	Target value FY 2023	Target value FY 2030
Porsyento ng mga mamamayan na naniniwala na madali ang magpalaki ng mga bata sa Nagoya	79.8% (FY 2018)	83%	86%
Porsyento ng mga bata na nagsasabi na gusto nila ang kanilang sarili	81.0% (FY 2018)	83%	86%

Bisyon

3

Lungsod na Nagsusuportahan ang Bawat Isa, Nakapamumuhay nang Ligtas at Kampante Dahil Batid Nila ang Lubos na Kahandaan ng Lungsod sa Anumang Sakuna.

Ugnayan para Maprotektahan ang Mahalagang Bahagi ng Rehiyunal na Pag-iwas sa Sakuna

- Pakikwento sa amin ang tungkol sa mga aktibidad ng Volunteer Fire Department

Ms. Maeda: Nagsimula ang Kosaka Volunteer Fire Department (Midori Ward) noong Abril 2006 na may 20 miyembro. Sa kasalukuyan, may 19 na kalalakihan, at ako at ang pinuno ng departamento lamang ang babae. Kasama sa mga regular na mga aktibidad ang 2 beses sa isang buwan na mga pagpupulong, pagsasanay, at ang publikidad sa paligid ng distrito ng paaralan para palaganapin ang pag-iwas sa sunog.

Mr. Wakazono: Kasalukuyang binubuo ng 8 sangay ang Nagoya City University Student Volunteer Fire Department. Kabilang ako ng sangay sa Nanzan University na may layuning mapabuti ang mga kakayahan ng rehiyon sa pag-iwas sa sakuna at isagawa ang mga ugnayang pampubliko. Nakikipag-ugnayan kami sa mga taong lokal sa pamamagitan ng pagsali sa mga "disaster drills" at

mga pagdiriwang sa distrito ng paaralan habang nagbibigay ng mga pagsusulit sa mga bata tungkol sa mga kahandaan sa sakuna at mga gabay sa paggamit ng "fire extinguisher."

Ms. Maeda: Sumapi ako sa departamento sa pamamagitan ng mga koneksyon sa mga opisyal ng PTA. Hanggang sa ngayon, naniniwala ako na mahalaga ang koneksyon sa mga tao. Mula nang ako ay naging hepe ng sangay, binigyang halaga namin ang pagbubuo ng mga relasyon sa kalapit na mga volunteer fire departments at magkasamang nagsasagawa ng pagsasanay at mga kaganapan. Ang ganyang koneksyon ang nagpapaunlad sa diwa ng pagdadamay sa isang "emergency." Sa isang eksena ng sunog, ang isang volunteer fire department sa isang distrito ng paaralan ay posibleng hindi ganap na makatutugon. Sa ganyang kaso, ang suporta ng mga kalapit na volunteer fire department ay makapagbibigay ng pag-asa. Sa aking palagay, mahalaga ang magkaroon ng malawakang mga koneksyon.

Mr. Wakazono: Ang nakalulugod ay ang makarinig ng mga salitang pagpapahalaga mula sa mga lokal na tao.

Ang pagiging isang volunteer fire department ay nagpapahalaga sa mga araw-araw na ugnayan at nagpapadali ng pag-iwas sa sakuna



Michiko Maeda

(Kaliwa) Lungsod ng Nagoya
Kosaka Volunteer Fire Department
Chief

Takumi Wakazono

(Kanan) University Student Volunteer
Fire Brigade, Lungsod ng Nagoya
Sangay sa Nanzan University



Sabay-sabay na pagsasanay sa pagpapalabas ng tubig sa Midori Ward Volunteer Fire Department



Pinalalakas nito ang aking loob para gawin ko ang aking pinakamahusay sa susunod. At dahil nakikita ng komunidad ang aming kapakinabangan, pinalalakas nito ang aking kumpiyansa. Sa aking palagay, ang nakaaakit sa volunteer fire department ay ang pakikipag-usap sa mga tao mula sa iba't ibang henerasyon.

ONE TEAM, kilala sa komunidad

- Anu-ano ang ilan sa mga gawain ang nais mong pagsumikapan o pagtuunan ng pansin sa hinaharap?

Ms. Maeda: Isa sa aming mga tunguhin ang pagbabahagi ng

aming kaalaman at karanasan. Ang volunteer fire department ay binubuo ng mga tao mula sa sari-saring uri ng mga trabaho at espesyalidad sa iba't ibang larangan. Sa paggamit ng kapakinabangan sa mga kalakasan ng bawat miyembro para ibahagi ang kaalaman at karanasan, maraming magagawang bagay na hindi magagawa nang mag-isa.

Mr. Wakazono: Layunin ko ang magamit ang aking kaalaman at kasanayan na aking natamo sa volunteer fire department sa iba't ibang sitwasyon, hanggang sa ako ay naging isang miyembro ng lipunan. Sa bahay man o sa lugar ng trabaho, gusto kong matukoy ang mga panganib upang maiwasan ang mga sakuna at sunog at gumawa ng aksyon. Nais ko rin na ipabatid ang kahalagahan ng pag-iwas sa sakuna sa aking pamilya, mga kaibigan, at mga kasamahan, at palawakin ang kanilang kaalaman.

Ms. Maeda: Sa pamamagitan ng lokal na pagsugpo sa sunog at mga aktibidad sa pag-iwas ng sakuna, ang inaasahan ko sa hinaharap ng Nagoya ay ang kawalan ng mga sunog at mga aksidente upang ang lahat ay makapamumuhay ng maalwan. Sa puntong iyan, umaasa ako na mas lalong magiging pamilyar ang komunidad sa aming volunteer fire department at mapoprotektahan namin ang aming tinubuang bayan.

Mr. Wazakono: Ang aking inaasam para sa hinaharap ng Nagoya ay ang pagsasama-sama ng mga komunidad bilang ONE TEAM para pagsikapan ang pag-iwas sa sakuna. Gayundin, nais kong maging isang lungsod ang Nagoya na maaaring makapamuhay ang lahat nang may kapayapaan.

column

Handang handa na!

Mayroong mahigit sa 200 na mga pasilidad para sa emergency water supply sakaling ang supply ng tubig ay maputol dahil sa lindol o iba pang kalamidad. Dagdag pa rito, lahat ng municipal elementary at junior high schools ay mayroong underground water hydrants na maaaring patakbuhan ng lokal na residente para maseguro ang tubig na maiinom habang may kalamidad (ang mga kagamitan na kakailanganin, emergency supplies, at iba pa ay nakatago sa bodega ng paaralan). Maging handa sa mga emergency -tingnan ang mga malapit na lokasyon ng mga pasilidad ng emergency water supply at underground hydrants.



Underground hydrant (buksan ang takip ng manhole para magamit ang gripo)



Educational training para sa Sangay sa Nanzan University at Sangay sa Chukyo University



Mga hakbangin sa pagtamo ng ating bisyon para sa Nagoya

16. Pagtaguyod sa pagpapaunlad ng imprastruktura ng siyudad upang lalong maging disaster resilient ang Nagoya sa mga sitwasyon ng kalamidad.
17. Pagsuporta sa pagpapatupad ng rehiyonal na kakayahang sa kahandaan sa kalamidad na karagdagan sa pagpapatupad ng pag-iwas sa sakuna at ng mga hakbangin para mabawasan ito.
18. Mapahusay at mapalakas ang serbisyo sa pagsugpo ng sunog at maprotektahan ang buhay ng mga residente.
19. Paglikha ng isang rehiyon na ligtas,igurado, walang krimen at mga aksidenteng pantrapiko.
20. Maseguro ang kalinisan ng kapaligiran.
21. Makapagbigay ng matatag na supply ng malinis, ligtas, at masarap na tubig sa gripo.
22. Maseguro ang matatag at mas magandang pamumuhay bilang konsumer, at sa ligtas at maaasahang pagkain.

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS



Key Performance Indicators	Latest current value	Target value FY 2023	Target value FY 2030
Porsyento ng mga mamamayan na naniniwala na disaster resilient ang Nagoya	51.8% (FY 2018)	55%	65%
Average time mula pagtanggap ng 119 call hanggang pagkakaospital	31.3 minuto (2018)	30 minuto o mas kaunti (2023)	30 minuto o mas kaunti (2030)

Bisyon

4

Lungsod na ang lahat ay Makapamumuhay nang may Magandang Ugnayan sa Kalikasan

Pagbabahagi ng mga Mahahalagang Buhay

- Pakikwento ninyo sa amin ang tungkol sa Nagoya Biodiversity Conservation Activities Council.

Ang Nagoya Biodiversity Conservation Activities Council ay isang organisasyon na itinatag noong May 2011 para mapangalagaan ang likas na kapaligiran ng Nagoya sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pag-survey ng mga organismo na nabubuhay at lumalaki sa Nagoya at ng kanilang kapaligiran, at pagkontrol sa mga hindi

Ang buhay sa hinaharap na kasama ang kalikasan. Protektahan ang lokal na ekosistema -ang kayamanan ng Nagoya.

katutubong species. Ang mga mamamayan, mga eksperto, at ang pamahalaan ay nagtutulong-tulong sa mga aktibidad na naka-base sa Nagoya Biodiversity Center sa Tenpaku Ward.

Habang sumusulong ang urbanisasyon, nawawala ang biodiversity sa Nagoya dahil sa pagdami ng mga mapanalakay na mga species. Subalit, mayroon pa ring kulang kulang sa 6,000 na species ang namamalagi sa Nagoya, kasama ang mga pambihirang nilikha, na matatagpuan lang sa lugar na iyon, na ang karamihan ay nasa luntiang lugar, imbakan ng tubig, at mga ilog sa silangang mga burol. Kami ay kumikilos upang maibahagi ang sitwasyong ito sa mga mamamayan sa pamamagitan ng mga aktibidad ng Nagoya Citizen Organism Investigator, Nagoya Organism Investigation, Nagoya Biodiversity Summer School, at marami pang iba. Ang summer school na nag-aalok ng interaksyon sa iba't ibang uri ng nilalang ay popular sa mga bata.

Habang sinisiyasat ang mga organismo sa iba't ibang lugar ng lungsod, ako ay nalulugod kapag nakukumpirma namin ang pinaglalagian ng mga pambihirang species, kapag nakadidiskubre kami ng bago, o kaya kapag nakakikita kami ng mga bagong resulta sa aming pagsisikap sa pangangalaga. Mahalaga na maihayag ang biodiversity sa nakaakit at nauunawaang paraan upang maraming tao ang maging interesado sa mga bagay na buhay at makilahok sa aming mga pinagsisikapan.

Yasuhiro Hasegawa

Chairman
Conservation Activities Council
Nagoya Biodiversity



Nagoya Biodiversity Summer School
Isinagawa ng isang council member bilang lektor para sa mga estudyante ng elementary at junior high school noong summer vacation

Ang Kasiyahan ng Pagiging Konektado sa Kapaligiran

- Anu-ano ang ilan sa mga gawain ang nais mong pagsumikapan o pagtuunan ng pansin sa hinaharap?

Pinupuntirya ang taong 2020 para sa "Aichi Goal," ang global biodiversity goals na pinagtibay ng COP10. Isang pambansang kaganapan ang isinagawa na tinawag na, "United Nations Decade on Biodiversity Relay for the Future."

Dahil itinatakda ang oportunidad na ito bilang isang malaking hakbang, nagninilay ngayon ang council sa

column

Mt. Fuji sa Nagoya?

Alam ba ninyo ang palaruan na tinatawag na, Mt. Fuji slide? Dinisenyo ito ng isang empleyado ng Nagoya may 50 taon na ang nakalipas. Ang laruan ay nagmula sa Nagoya, at inilagay sa ilang lugar sa buong lungsod at sa lugar ng Tokai. May iba't ibang kulay, hugis, at laki ang laruan na ito. Ang hubog na bumubuka sa bandang ilalim na may presensya ng simbolo ng parke ay halos pumareho sa imahe ng tanyag na bundok ng Japan. Bakit hindi ka umakyat sa "Mt. Fuji" sa kalapit na parke sa susunod mong bakasyon?



Ang kauna-unahang "Mt. Fuji" slide na inilagay noong 1966 (Fukiage Park, sa Showa Ward, Nagoya)

nakaraang 10 taon at inilalarawan ang perspektibo nito sa susunod na 10 taon. Nais kong magpatuloy ang Nagoya na nangunguna sa mundo sa larangan ng biodiversity, at mangangailangan iyan ng mas maraming interes mula sa mamamayan at mga negosyo. Upang makuha ang atensyon at interes ng mga mamamayan, nais ng aming council na mas lalo pang pagsumikapan ang pangangalaga sa umiiral na ekosistema at pagbibigay ng mga oportunidad ng pakikipag-ugnayan sa mga ito.

Habang ang likas na kapaligiran ng mga lungsod ay lalong nagiging artipisyal, marami sa lokal na ekosistema ang nananatili hindi lamang sa sayotama (bulubunduking nayon), kung hindi maging sa mga kagubatan at mga templo. Upang ang Nagoya ay maging isang lungsod na umiiral kasama ang kalikasan, nilalayan naming maging isang council na pamilyar sa mga tao upang ang mga mamamayan ay maaaring makipag-ugnayan sa mga ekosistemang ito at mapaunlad ang katalusan at kaalaman para tamasahin ang koneksyon sa mga bagay na buhay at likas na kapaligiran.



Mga hakbangin sa pagtamo ng ating bisyon para sa Nagoya

23. Maseguro ang maginhawang pamumuhay sa kapaligiran na may mataas na kalidad ng hangin at tubig.
24. Makalikha ng isang kapaligiran na maaaring makipag-ugnayan sa kalikasan at agrikultura.
25. Magpatupad ng pagpapalano ng siyudad para makagawa ng nakasisiya at maginhawang lungsod na itinayo mula sa malakas na network ng pampublikong transportasyon.
26. Pagtayo ng mga matitirahang distrito sa siyudad na may mataas na pamantayan ng imprastrakturang pang-siyudad.
27. Maseguro ang isang ligtas at maginhawang daanan para sa mga pedestrian at mga nagbibisikleta.
28. Pagsamahin ang unibersal na disenyo sa pagpapalano ng siyudad.
29. Matamo at mapanatili ang ligtas, komportableng pabahay at uri ng pamumuhay upang makamit ang iba't ibang uri ng pangangailangan.
30. Hikayatin ang mga residente at mga negosyo na sumali sa mga aktibidad na may kamalayan sa kapaligiran.
31. Pagtaguyod sa paglikha ng isang lungsod na mababa ang carbon.
32. Paglikha ng isang siyudad na nagreresikulo base sa tatlong R.

SUSTAINABLE
DEVELOPMENT
GOALS

Key Performance Indicators	Latest current value	Target value FY 2023	Target value FY 2030
Porsyento ng mga mamamayan na naniniwala na ang pampublikong transportasyon ay maginhawa at madaling gamitin	81.6% (FY 2018)	83%	85%
Total ng mga waste at resource emission	888,000 tonelada (FY 2018)	880,000 tonelada	870,000 tonelada

Bisyon

5

Kaayaaya at Masiglang Lungsod na Bumibighani sa mga Tao at Negosyo sa Buong Mundo

Lugar na Madaling Pag-Ugnayin ang Tao at Kultura.

- Pakikwento sa amin ang tungkol sa Glocal Nagoya

Bilang isang negosyo na naglalayong makalikha ng isang lipunang multikultural at simbiyotiko, kami ay nagpapatakbo ng isang English Conversation Class na tinatawag na English Conversation for Travelers, ang Glocal Nagoya Backpackers Hostel, isang pasilidad na tuluyan, at mga restoran --- ang Glocal Cafe at Kissa Morning. Layunin nito ang makagawa ng isang lugar na maaaring magkonekta ang mga tao at kultura at maganap ang isang lokal na pagpapalitan ng iba't ibang kultura sa Nagoya sa pamamagitan ng paglalaan ng isang puwesto para sa global at lokal na pakikipag-ugnay.

Halimbawa, ang Backpackers Hostel ay hindi lamang nagbibigay ng tuluyan para sa mga dayuhan, kung hindi ito ay parehong hostel (sa ikalawang

palapag) at Glocal Cafe (unang palapag). Ang mga lokal na hindi nangangailangan ng tuluyan ay maaaring kaswal na bumisita sa cafe. Ang aming mga tauhang nakapagsasalita ng Ingles ay namamagitan at sumusuporta sa komunikasyon. Maaaring sabihin ng mga manlalakbay na, "Dito ako nagpunta kanina," habang ang mga lokal ay maaaring sumagot na, "Dapat mong subukan ang lugar na ito" para sa isang kaswal at natural na palitan. May ilang tao na dahil sa naging maayos na samahan ay sumusulat pa pagkatapos makabalik sa kanilang mga bansa, at para sa ilan, ang tagpong iyon ang nagiging puwersa para mag-aral sa ibang bansa--- sa Japan.

Lungsod na Iginagalang ang Pagkakaiba-iba at Tinatanggap ang Lahat ng Uri ng Tao

Paggamit sa mga pinagkukunang
yaman ng Nagoya para iugnay
ang global sa lokal

Masayuki Ichino

Representative
Glocal Nagoya



- Anu-ano ang ilan sa mga gawain ang nais mong pagsumikapan o pagtuunan ng pansin sa hinaharap?

Sa aking palagay, kamakailan, tumataas na ang mga oportunidad ng pakikipag-ugnayan sa mga kultura ng ibang bansa sa Nagoya. Ganito ang kaso ngayon, halimbawa, sa mga convenience store. Maraming dayuhan ang nagtatrabaho sa lungsod, pero sa palagay ko, kakaunti pa rin ang palitan at pakikibahagi sa kanila. Ninanais namin na lalong makaabot ang aming mga aktibidad sa lungsod. Umaasa kaming masisimulan namin ang human resource development at pagbubuo ng mga lugar at sistema para sa kaswal na pagpapalitan ng iba't ibang kultura.

Ang Kissa Morning na nagbukas noong Mayo 2019 ay

naglalayon hindi lamang para makapagbigay ng isang lugar na nirerespeto ang pagkakaiba-iba sa loob ng isang lokasyon (Glocal Cafe & Hostel), kung hindi para na rin mapaunlad ito bilang isang pamilihan na lalaganap hanggang sa lungsod sa kolaborasyon ng iba. Sa Kissa Morning nangyayari ang iba't ibang palitan ng mga pagpapahalaga sa lokal at pang-araw araw na galaw ng oras. Nais namin na maging isang lugar ito kung saan ang lahat ng uri ng tao --- bata at matanda, lalaki at babae, Hapon at dayuhan, mga lokal at turista, ay maaaring makapagpahinga ayon sa kanilang mga pangangailangan.

Sa lahat ng aming mga negosyo, nirerespeto namin ang mga iba't ibang mga pagpapahalaga at pinanggalingan ng mga tao. Naniniwala kami na mahalaga ang magkaroon palagi ng bukas na isip at pagbibigay ng atensyon sa bawat tao. Umaasa kami na magiging isang internasyunal na lungsod ang Nagoya na may maunlad na mga inisyatiba para sa multikultural na co-existence kung saan ang lahat ng pagkakaiba ay ginagalang at tinatanggap ang lahat ng uri ng tao. Inaasahan namin na makikita ng lahat, kasama ang mga taong nakikibahagi sa amin, mga residente, at mga bisita ng Nagoya, na ito ay isang masaya at kaakit-akit na lungsod na maaari nilang mahalin.



A farewell party for long-term hostel guests

column

Mga Ukit sa Pader na Bato

Karamihang nakaukit sa mga sulok sa ibaba ng pader na bato ng Nagoya Castle Tower ang lagda ng mga alagad ni Kato Kiyomasa, ang piyudal na panginoon ng Higonokuni (na ngayon ay nasa Kumamoto prefecture), ang nagtayo ng pader na bato. Isang tanyag na lagda ang makikita sa ibaba ng pader na bato na nasa bandang hilaga-silangang sulok (sa agarang kaliwa pagkatapos lumabas sa Hommaru mula sa gate ng Fumeimon) sa ikalimang bato mula sa ilalim, at nakasulat ang "Kato, ang gobernador ng Higo Province; Alagad; Shodai Shimousa." Hanapin ang mga nakaukit!



Pundasyon na may nakaukit na, "Kato, Gobernador ng Higo Province; Alagad; Shodai Shimousa"

Mga hakbangin sa pagtamo ng ating bisyon para sa Nagoya

33. Pagpapalakas at pagpapahusay ng kakayahan ng lungsod sa pakikipag-ugnayan para maging angkop na ituring na isang pangunahing siyudad sa mundo.
34. Gawing lungsod na bukas sa mundo.
35. Pagpapaunlad sa nakakaakit na katangian ng daungan at mga bahaging malapit sa baybayin.
36. Gawing mas nakakaakit ang tanawin ng siyudad.
37. Pagpapalakas ng atraksiyon sa kasaysayan, kultura at sining, at paghihimok sa mga residente na ibahagi ang mga bagay na nakahahalina sa Nagoya.
38. Pagpapaunlad sa turismo at MICE, at pagpapasigla ng palitan ng impormasyon sa pamamagitan ng pagpapalaganap nito.
39. Paggamit sa isports para mapaunlad ang atraksiyon at enerhiya ng lungsod.
40. Pagtulong sa sports ng mga industriyang pangrehiyonal at pagsuporta sa mga aktibidad nito.
41. Pagpapaunlad sa mga industriyang nakalilikha ng bagong pagpapahalaga at pagpapasigla sa palitang industriyal.



Key Performance Indicators	Latest current value	Target value FY 2023	Target value FY 2030
Kasiyahan ng Turista	78.2% (2017)	90% (2023)	90% pataas (2030)
Kabuuang produkto ng siyudad sa bawat pang-araw na manggagawa (milyon yen)	9.087 (FY 2016)	9.70 (FY 2021)	11.00 (FY 2028)

Pagpapahusay ng mga Serbisyo para sa Mamamayan

Halina sa Ating Port Town, ang Ipinagmamalaki ng Buong Bansa



- Pakikwento sa amin ang tungkol sa Joint Committee of Port Town.

Nagsasagawa ang Joint Committee of Port Town ng mga aktibidad para sa pagpapaunlad ng komunidad sa port area ng Nagoya. Isinasagawa ito kasama ang mga residente at ang pamahalaan sa konsepto, na "Nagoya Mi(n)nato machi." Aming pinagsusumikapan ang "Daungang Bayan" na maaari naming ipagmalaki 'di lamang sa Nagoya kundi sa buong bansa. Bumubuo kami ng iba't ibang mga negosyo kasama ang kahandaan sa sakuna, pangangalaga sa mga bata, halamanan sa komunidad, pagpapasigla sa lungsod, programang pangsinig, at iba pang mga malikhaing proyekto sa temang, "pamumuhay, pagtitipon, at paglilikha."

Mahalaga ang regular na paglalakad sa paligid ng bayan para makakilala ng mga tao at makinig sa kanilang mga kwento at tingnan nang mabuti ang mga lugar na may isyu. Mula 2016, nagsasagawa kami ng mga presentasyon ng pangongolekta ng mga personal na kwento mula sa mga residente ng daungang bayan bilang "Mi(n)nato Machi Planning Archive Project." Ito ay isang proyekto para mapag-isipan ang kinabukasan ng bayang ito sa pamamagitan ng mga panayam sa mga mamamayan ng daungang bayan. Ang hindi pa nakikitang tanawin ang lumilitaw habang naglalakad kami sa paligid ng bayan at itinatala ang aming mga nakikita at naririnig. Nakakatagpo namin ang mga pang-araw-araw na kalakal na sumasalamin sa kasaysayan ng daungang bayan, nakaririnig ng mga napakahahalagang kwentong-giyera, at direktang natututunan ang pag-iwas sa sakuna mula sa talaan ng Ise Bay typhoon. Ang mga ugat at kwento ng nakaraan ay nagbibigay ng mga pahiwatig kung ano ang ating iisipin tungkol sa kinabukasan ng lungsod. Ang mga

nakamamanglaw na mga alaala ng mga tao ay nagpapakita sa atin ng isang larawan ng kinabukasan ng lungsod.

Sa aking palagay, ang susi sa pagpapalano ng siyudad ay ang muling pagtatatag ng relasyon ng tao at lipunan ang muling pakikipag-ugnayan ng tao sa tao, at tao sa lipunan. Ang pakikitungo at pakikipag-ugnayan sa tao ay maaaring makapanggugulo, subalit hindi dapat tayo sumuko. Ang hindi mapapalitang kayamanan ang naghihintay sa kabilang dako.

Mahalaga ang Unang Hakbang ng Implementasyon

- Anu-ano ang ilan sa mga gawain ang nais mong pagsumikapan o pagtuunan ng pansin sa hinaharap?

Hangad ko na ilangkap ang mga pagbabago na nagaganap habang naibabalik ang ugnayan ng tao at lipunan. Ang seryosong pagtatrabaho para sa pagpapalano ng siyudad ay nagiging sarili kong pag-unlad. Sa kabilang banda, ang mga taong seryoso sa kanilang mga buhay ay mayroong mahalagang tungkulin sa nagbabagong lipunan. Inaasahan namin ang patuloy na pakikipagtagpo sa karamihan ng mga taong ito sa hinaharap.

Sa unang pagkakataon, nalaman ko ang tungkol sa urban planning noong ako ay graduate student. Naging simula ko ang isang proyekto sa pamantasan para



Sa workshop para rebisahan ang "Minatomachi VISION BOOK" na nagbabalangkas ng mid-to-long term vision ng Joint Committee of Port Town

Ang modernong pagpaplano
ng kalunsuran
ay nakapanunumbalik sa relasyon
ng tao at lipunan.



Keiichi Furuhashi

Assistant Director
Port Town
Development Meeting

column

Ang mga Nakaaalam ng Kasaysayan

Ang kasalukuyang Nagoya City Hall (pangunahing pamahalaang gusali) ay natapos noong 1933 at itinalaga na isang mahalagang pambansang pag-aaring kultural noong 2014. Nang ito ay matapos, nananatili ang mayamang kapaligiran nito sa loob na may kalmadong berdeng ilaw sa gitnang hagdan, mga seramikong baldosa sa gitnang bahagi ng pader sa pasilyo na may mga nakaaaliw na mga kulay, at mga bintanang may mga paalon-along kristal sa ibabaw. Ang parehong marmol sa National Diet Building ang nakapalamuti sa gitnang hagdan kung saan iyong makikita ang mga fossil sa mas malapitang inspeksyon.



Nagoya City Hall Main Government Building

suportahan ang mga lugar na nangangailangan na mapasigla muli, at sinamantala ang oportunidad na ibinigay ng Aichi Expo. Tinanggap akong buo ng mundo kahit na ako ay bata pa, wala pang muwang, at hindi pa kayang gumawa ng anumang bagay. Kakatwa, nagkaroon ako ng bugso ng lakas. Ang lahat ay may gagampanang tungkulin. Ang aking mayamang karanasan sa urban planning noong kabataan ko ang sumusuporta sa aking buhay. Sa katunayan, ang bawat tao ay nararapat na makatagpo ng isang bayan kung saan sila maaaring magkaroon ng bahagi. Tunay na kamangha-mangha ang pag-unlad ng siyudad. Ang ganyang pakiramdam ay nananatili magpahanggang ngayon. Kung nais mong mapangalagaan ang buhay mo, natural lamang na isipin at kumilos para sa mga tao at lipunan na sumusuporta sa iyo. Sana ay maipagpatuloy ko ang pagpaplano ng siyudad kasama ang lahat.

Mga hakbangin sa pagtataguyod ng mga serbisyong pampubliko

42. Pagbutihin ang serbisyong panglungsod para sa mga residente.
43. Pakikipag-usap at paglalabas ng impormasyon sa mga residente at pagprotekta sa personal na impormasyon.
44. Pagsasagawa ng pagpaplano ng lungsod na nakatuon sa pag-unlad ng komunidad.
45. Pagtitiyak ng angkop na pagpapanatili at pamamahala ng mga pampublikong pasilidad at epektibong paggamit ng yaman ng lungsod.



Key Performance Indicators	Latest current value	Target value FY 2023	Target value FY 2030
Porsyento ng mga mamamayan na nasisiyahan sa serbisyo na ibinibigay sa ward office/ branch	97.1% (FY 2018)	100%	100%
Porsyento ng mga mamamayang pinapalagay na aktibong naisasagawa ng mga lokal na residente ang pag-unlad sa komunidad.	30.3% (FY 2018)	40%	60%

Pagkakataon nang

Narito ang dalawang pangunahing proyekto para



Magningning ng Nagoya!

sa kinabukasan ng pagpapaunlad sa Nagoya



Ang 20th Asian Games ay gaganapin sa Aichi Prefecture at sa Lungsod ng Nagoya sa 2026. Ito ang pinakamalaking kaganapang pampalakasan na kilala sa tawag na, "Asian Olympics," na gaganapin sa Japan sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng 32 taon. Humigit kumulang sa 15,000 na mga atleta, mga trainer, at mga coach ang inaasahang bumisita sa lugar na panahon ng torneo, dagdag pa rito ang tinatayang 1.5 milyon na mga manonood. Tinitingnan ng Lungsod ng Nagoya ang Asian Games bilang isang gintong oportunidad para maibahagi ang atraksyon ng Nagoya sa mundo. Nais din tiyakin ng lungsod na ang mga positibong epekto ng Asian Games ay magpapatuloy nang mahabang panahon matapos ang torneo. Ang momentum na nalikha ng Asian Games ay gagamitin sa malawak na saklaw ng larangan para itaguyod ang mga aktibidad ng palakasan, palawakin ang populasyon ng mga hindi residente, itaguyod ang international exchange, makabuo ng isang may armonyang lipunan, at palakasin ang international competitiveness.




Konektado ang Aming mga Buhay at Hinaharap sa mga Problema ng Mundo

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS



Ano ang Sustainable Development Goals (SDGs)?



Ang Sustainable Development Goals (SDGs) ay mga unibersal na tunguhin ng mga bansa sa buong mundo. Pinagtibay ito bilang bahagi ng Sustainable Development Agenda sa UN Sustainable Development Summit noong Setyembre 2015. Ang 17 SDGs at 169 na mga target ay sumasakop sa malawak na larangan kasama na ang pangkalusugan, edukasyon, ang pag-unlad ng ekonomiya, at ang pagbabago ng klima.


Nagoya, ang Panghinaharap na Lungsod ng SDGs na Magbubukas ng Daan para sa Sustainable Future!

Noong Hulyo 2019, napili ang Nagoya ng pambansang gobyerno bilang isa sa mga "SDGs Future Cities" (mga lungsod na nagpapakita ng mahuhusay na inisyatiba tungo sa pagkamit ng SDGs).

Sa pamamagitan ng pagsulong ng Master Plan, nakikipagtulungan kami sa mga mamamayan, mga kumpanya, NPOs, at iba't ibang kumikilos para ipagpatuloy ang sustainable urban planning na magpapasimula sa pagkamit ng SDGs. Ito ang magbibigay ng armonya sa ekonomiya, lipunan, at kapaligiran na walang sinuman ang maiiwanan.



SDGs Future City Selection Certificate Presentation Ceremony
(Nasa gitna: Deputy Mayor Horiba, Nagoya City.
Kuha ang larawan sa Toyohashi City, Aichi Prefecture)



Ang apat na kaunahang mga estratehiya sa pagkamit ng bisyon ng Nagoya ay nakatala bilang mga Pangunahing Estratehiya.

Ipinakikilala namin ang mga aktibidad ng mga opisyaes ng lungsod na nagpupunyagi araw-araw para maisulong ang bawat estratehiya.

Mga Mahahalagang Estratehiya



* Ang mga kagawaran, mga posisyon, at iba pang detalye ay batay noong panahon na naisagawa ang panayam

Komprehensibong Suporta para sa mga Bata at mga Magulang upang Mapangalagaan ang Henerasyon



Intensibong Suporta na Ibinigay ng Isang Pangkat ng mga Eksperto

- Pakikwento sa amin ang tungkol sa Nagoya Child Advocacy Committee.

Ms. Kawagishi: Nagsimula ang Nagoya Child Advocacy Committee noong 2014 at kinabibilangan ito ng mga kawani ng paaralan tulad ng mga counselors, social workers, advisors, at police. Karagdagan sa 11 junior high schools kung saan ang kawani ng iba't ibang okupasyon ay nakatalaga, may mga full-time counselors ng paaralan ang mga nakatalaga sa lahat ng junior high schools. Nakikipagtulungan ang mga may kadalubhasaan at mga kawaning may karanasan upang makapagtatag ng isang support system para sa mga bata at mga tagapag-alaga na nagpapasan ng iba't ibang mga alalahanin at kabalisan.

Mr. Sakaguchi: Sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga propesyonal sa mga paaralan nang buong oras, maaari kaming makipag-interaksyon sa mga bata sa araw-araw upang maagang maiwasan ang mga problema, matuklasan ito nang maaga, at mabigyan ng indibidwal na suporta.



Mr. Asai: Isang pangunahing tampok at benepisyo ng Child Advocacy Committee ay ang pagkakaroon nito ng napakaraming eksperto na sama-samang kumikilos bilang



isang pangkat.

Nakikipagtulungan kami sa mga guro upang makalikha ng pinakamagandang kapaligiran para sa mga bata at mga tagapag-alaga.

Ms. Kawagishi: Nagsisimula ang araw sa gate ng paaralan

kung saan ino-obserbahan namin ang mga ekspresyon ng mga bata kapag pumapasok sila sa paaralan sa umaga.

Ang kaswal na pagbati sa kanila ay nagbibigay ng isang mahalagang oportunidad para mabilis na malaman ang mga batang may problema base sa kanilang mga ekspresyon at itsura.

Mr. Asai: Sa mga pagpupulong ng pangkat, binabahagi namin ang mga impormasyon at pinag-uusapan ang tungkol sa mga isyu na aming nadadaan o kinakailangang lutasin.

Mr. Sakaguchi: Karagdagan sa mga indibidwal na panayam sa mga bata at tagapag-alaga sa counseling room, nagsasagawa rin kami ng mga pagbisita sa tahanan. May mga panahon na mahirap para sa isang counselor ng paaralan ang harapin ang sitwasyon nang mag-isa, at may limitasyon ang magagawa ng isang

1

Pangangalaga sa Susunod na Henerasyon! Estratehiya ng Suporta para sa mga Bata at Kabataan

- 1 Pagtaguyod ng komprehensibong suporta para sa mga bata at mga magulang.
- 2 Pagsuporta sa malusog na paglaki at pag-unlad ng mga bata.
- 3 Pagpapaunlad ng mas malawak na kasanayang pang-akademiko at pagtaguyod sa pisikal na kalakasan ng mga bata.
- 4 Pagpapahusay ng edukasyon para mapangalagaan ang global na mapagkukunang tao, ang mga empleyado na may kasanayan sa pagmamamupaktura, at mapagkukunang tao sa mga may kasanayan sa ICT.
- 5 Pagpapahusay sa kapaligiran ng edukasyon para itaguyod ang epektibong pag-aaral.
- 6 Paglikha ng isang kapaligiran kung saan maaaring matuto at aktibong makalahok ang kabataan.

2

Paglikha ng Isang Higit na Mainam na Kapaligiran sa Pagpapalaki ng Bata! Estratehiya para sa Child-care Support

- 1 Walang patid na suporta mula prenatal hanggang sa pag-aalaga ng bata.
- 2 Paglikha ng higit na mainam na kapaligiran sa pagpapalaki ng bata para sa mga nagtatrabahong mga magulang.
- 3 Paglikha ng isang kapaligiran na ang buong komunidad ay makapagbibigay ng suporta sa pag-aalaga ng bata.



Pagsuporta sa mga bata para gumawa ng inisyatiba sa paghahanap ng kanilang mga kurso.



Nagoya
Child Advocacy Committee

Hiroki Sakaguchi
(Kaliwa) School Counselor

Akiko Kawagishi
(Gitna) School Counselor

Satoshi Asai
(Kanan) School Social Worker

counselor ng paaralan. Ang pagkilos bilang isang pangkat ay nagbibigay sa amin ng mas intensibong suporta sa pamamagitan ng mas detalyadong mga aktibidad.

Para sa Kinabukasan na Puno ng mga Pangarap at Hangarin

- Ano ang mga gawaing nais mong pagtuunan at mga tunguhin sa hinaharap?

Ms. Kawagishi: Nalulugod ako kapag sinasabi sa amin ng mga magulang na maayos ang kanilang mga anak pagkatapos ng gradwasyon o kaya'y aming naipararating ang mga kaisipan namin sa mga guro at nakatutulong kami sa kanila at nakapagbibigay ng malaking suporta. Nais ko na mas maging aktibong miyembro ng Child Advocacy Committee, ang walang kapantay na sistema sa buong bansa. Inaasahan ko rin na makadarama ng kasiyahan ang mga bata sa Nagoya araw-araw, at makapagsasabing "inaasam ko ang kinabukasan."

Mr. Sakaguchi: Habang nakikipagtulungan kami sa mga bata sa araw-araw, nakasisiya na makita ang mga bata na nauunawaan nila na narito kami para makipag-usap sa kanila kung may pangangailangan sila. Nararamdaman ko rin ang kahalagahan ng paglikha ng isang kapaligiran na maaaring komunkula ang



mga bata sa amin nang walang hira. Kahit sa isang emergency, maaari kaming tumugon kaagad dahil buong-oras kaming naroon at maaari kaming makapagbigay ng suporta kasama ang paaralan sa simula pa lang. Inaasahan kong magiging isang lungsod ang Nagoya kung saan ang mga kinakailangang suporta ay maihahatid sa buong panahon ng pag-aaral ng bawat bata nang walang pagkaantala habang ang kanilang kapaligiran ay nagbabago at sila ay sumusulong mula elementarya patungong junior high school, mula junior high school patungong high school.

Mr. Asai: Ang tungkulin namin ay parang pagtulong sa mga bata na makagawa ng sarili nilang daan sa mga hindi patag na landas. Para kaming mga "stagehand." At kahit gayon, nakasisigla kapag lumalapit sa amin ang mga nagsipagtapos para makipag-usap sa amin sa lungsod o di kaya'y pagnakikita namin na sila ay mabuti. Nais kong siguruhin na kapag tinanong ang mga bata kung ano ang gusto nila na maging paglaki nila, sasabihin nilang, "child advocacy committee staff," o "school teacher."



Paglikha ng Isang Lungsod na ang mga Benepisyo ay para sa Kapakanan ng Lahat at Magbibigay-daan sa Kanilang Aktibong Partisipasyon sa Lungsod.



Isang Pamilyar na Lugar para sa Kapakanan ng Komunidad

- Pakikwento sa amin ang tungkol sa iyong trabaho sa health at wellness center.

Ms. Mori: Sa Atsuta Ward Health and Welfare Center, nagbibigay kami ng suporta para itaguyod ang kalusugan ng mga bata, matatandang tao, at may kapansanan. Sinusubukan namin na itatag ang aming mga sarili bilang isang pamilyar na lugar na nagbibigay ng kaswal na paggamit ng aming serbisyong konsultasyon sa mga residente sa lokalidad.



Ms. Ohashi: Pangunahin akong kasama sa promosyon ng komprehensibong sistema ng pangangalaga sa komunidad sa Minami Ward Health and Welfare Center. Sama-samang kumikilos ang mga residente, ang pamahalaan, at mga kaugnay na mga organisasyon para makapagbigay ng suporta at gumawa ng mga paraan upang malutas ang mga isyung lokal.

Ms. Mori: Ang pokus sa Atsuta Ward ay ang pag-iwas sa "locomotive syndrome." Nakikipagtulungan sa mga public health nurse ang mga residente sa lokalidad na may pagsasanay bilang Locomo Prevention Ambassadors para maitaguyod ang mga aktibidad tulad ng Nagoya Health

Exercise (Atsuta Ward Original Version) at mapabatid sa publiko ang tungkol sa kanila. Nagsisikap kami na maitaguyod ang kalusugan para sa mga residente sa pamamagitan ng mga residente.

May pinakamataas na antas ng pagtanda ang Minami Ward sa Nagoya, kaya't aming itinataguyod ang paglikha ng mga gawi ng pag-e-ehersisyo kasama ang mga residente. Para maiwasan ang matagalang pag-aalaga, kasama sa mga hakbang ang pakikipagtulungan sa isang grupo ng mga residente sa lokalidad na tinatawag na, "Let's Smile Squad" at pagtatayo ng mga lokasyon sa pagsasagawa ng "Iki-iki Hyakusai Taiso" para sa mga matatanda. Nilalayan din namin na makapagtayo ng isang network para maituro ang mga matatanda sa mga angkop na institusyon kapag sila ay komunsulta sa amin tungkol sa kanilang mga problema.

Ms. Mori: Magkakaiba ang problema at pag-aalala ng bawat tao. Bagamat mahirap iugnay ang mga tao na may problema sa mga angkop na suporta, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga tao sa ibang okupasyon tulad ng mga lokal na opisyal, institusyong medikal, public welfare, at mga komiteng pambata, nakasisiya na makita ang kanilang mga



1

Mapayapang pamumuhay para sa matatanda sa lipunan!
Estratehiya para sa Malusog at Walang Pangambang Pamumuhay

- 1 Pagtaguyod ng higit na malusog na pamumuhay at mga gamot na pamigil sa sakit para sa promosyon ng masulong na pananaliksik sa pangangalaga ng kalusugan.
- 2 Pagpapahusay ng sistema ng medical emergency.
- 3 Pagpapahusay at pagtataguyod ng isang komprehensibong sistema ng pangangalagang rehiyonal at pagsama ng mas epektibong mga tugon sa demensya.

2

Lungsod na Maaaring Umunlad ang Lahat!
Diversity Promotion Strategy

- 1 Paggalang sa mga karapatang pantao at matamo ang pagkakaunawaan ng magkakaibang lipunan.
- 2 Pagtaguyod ng paggamit ng iba't ibang mapagkukunang tao.
- 3 Pagbigay ng suporta sa pamumuhay ng mga may kapansanan sa rehiyon.
- 4 Paglikha ng barrier free na lungsod.

3

Maaaring Sumali ang Lahat!
Regional Community Revitalization Strategy

- 1 Pagtaguyod ng mga aktibidad na pang-rehiyonal para makalikha ng mga aktibong lugar at makahikayat ng partisipasyon ng komunidad.
- 2 Pag-aalaga at pagsuporta sa iba't ibang miyembro ng komunidad para tulungan ang lipunang pang-rehiyonal.





Ang Atsuta Locomo Prevention Ambassadors
Ginanap ang kanilang mga aktibidad sa
Nagoya Gakuin University, Nagoya Campus

ngiti sa huli at makatanggap ng mga salitang
pagpapahalaga.

Para sa Isang Lungsod na ang Lahat ng Mamamayan ay Maaaring Maging Malusog at Mabuhay nang Aktibo.

- Anu-ano ang ilan sa mga gawain ang nais mong
pagsumikapan o pagtuunan ng pansin sa hinaharap?

Ms. Mori: Nagtataguyod kami sa Nagoya ng mga progresibong
inisyatiba tulad ng "one-coin cancer screenings" at tumutulong
sa pananalapi para sa gastusin ng pagbabakuna. Inaasahan
namin na magpapatuloy ang Nagoya na maging isang
lungsod na ang lahat ay maaaring mabuhay nang aktibo
habang pinananatili ang mahaba at malusog na buhay.
May mga aktibidad na maaring kaswal na salihan ng regular ng

mga mamamayan sa pakikipagtulungan ng komunidad,
mga unibersidad, at mga negosyo. Umaasa ako na
makalilikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga tao
ay maaaring makipag-ugnayan sa isa't isa at komunsulta
kung mayroon silang kahit na anong problema.

Ms. Ohashi: Sa aking palagay, mahalaga ang makalikha
ng isang komunidad na hindi nagpapabaya sa mga taong
nangangailangan. Magawa ko sana ito na isang lugar na
kahit na sino ay maaaring makapagpadala ng SOS at kung
saan ang mga tao ay magsasama-sama para tumulong. Sa
kinatatayuan ng community-based integrative care system,
may mga tao na nagtataglay ng mga masalimuot na isyu at
nahihirapan sa sistema at hindi nakapagpapakonsulta. Sa
kasalukuyan, bumubuo ng isang sistema ang Nagoya na
magpapadali sa mga tao na makatanggap ng mga
konsultasyon. Sa halip na top-to-bottom sectioning, sana ay
makalikha ako ng isang sistema na may lateral na mga
relasyon sa paglulunas ng mga isyu.

Ang paglilikha ng isang komunidad kung saan ang
araw-araw na pakikipag-ugnayan ay makapaghahatid
ng pagpapayo para sa lahat.



Toshie Mori

(Kanan)

Director, Health and Welfare Center
[Public Health Nurse]
Atsuta Ward

Kana Ohashi

(Kaliwa)

Chief, Welfare Division, Welfare Department
[Public Health Nurse]
Minami Ward Health and
Welfare Center

Pagprotekta sa mga Buhay at Industriya

Mula sa Banta ng Isang Malaking Kalamidad

Para sa Ligtas at Tiwasay na Pamumuhay.



Ang Misyon para sa Pagprotekta ng Buhay

- Pakikwento sa amin ang iyong tungkulin bilang isang paramediko

Bilang paramediko, araw-araw akong nagtatrabaho sa frontline ng pagliligtas ng buhay. Partikular, bilang tugon sa 119 na tawag na ipinaabot sa pamamagitan ng dispatch order mula sa Nagoya Disaster Prevention Command Center, sumasakay kami sa ambulansya papunta sa eksena at dinadala sa ospital nang mabilisan, kung maari, ang may sakit o taong naaksidente. Sa lugar, sinusuri namin ang mga sintomas at pagbuti, at amin itong iniuulat sa ospital. Sa ilang pagkakataon, nagsasagawa kami ng mga procedures tulad ng IVs sa patnubay ng mga doktor para maiwasan ang paglala ng kondisyon.

Ang taunang bilang ng emergency dispatch cases ay tinatayang 134,000 (noong 2018), ang pinakamataas sa loob ng siyam na magkakasunod na taon. Nangangahulugan na ang emergency team ay ipinapadala sa iba't ibang lugar ng isang beses bawat apat na minuto.

Dahil ang aming trabaho ay patungkol sa pagprotekta ng kalusugan at buhay ng mga mamamayan, hindi kami maaaring magambala sa oras ng trabaho, subalit nararamdaman ko ang isang malaking diwa ng misyon bawat sandali. Maraming tao ang nagsasabi na "Ang oras na ginugugol sa paghihintay ng rescue team ay parang napakahaba," kaya't nagsusumikap ako nang husto para



sa maagap na pagpapadala sa amin at mabilis na pagdating namin sa eksena, dahil alam ko na naghihintay ang mga pasyente nang may pag-aalala. Kamakailan, may isang kaso na nasagip ang buhay ng isang pasyente dahil sa chest compressions na isinagawa ng isang lokal na residente. Tumatak sa akin ang kasong iyon dahil nasagip ang isang buhay dahil sa ginawang procedure (survival chain) bago kami dumating.

Lungsod na Dama ang Kaligtasan at Katiwasayan

- Anu-ano ang ilan sa mga gawain ang nais mong pagsumikapan o pagtuunan ng pansin sa hinaharap?

Sa Nagoya, ang karaniwang oras mula sa pagtanggap ng 119 na tawag hanggang sa pagdating sa ospital ay 31.3

1

Handang Handa na ang Nagoya! Regional Disaster-Preparedness Strategy

- 1 Pagtaguyod ng mas malawak na kamalayan para sa mga aktibidad ng paghahanda sa sakuna.
- 2 Pagtaguyod ng mga hakbangin para sa kahandaan sa sakuna na aangkop sa pangangailangan ng bawat lugar.

2

Matibay sa Sakuna! Estratehiya para Mapalawak ang mga Kakayahan para sa Disaster Response

- 1 Pagpapahusay sa pagsugpo ng sunog at serbisyo ng pagliligtas para magamit nang husto ang mga pasilidad ng disaster response, at iba pa.
- 2 Pagpapalawak at pagpapahusay ng pangongolekta ng mga impormasyon at ng mga linya ng komunikasyon.
- 3 Pagpapalakas ng pagpapatatag ng mga itinalagang evacuation centers.
- 4 Pagpapalakas ng mga kahandaan ng siyudad sa sakuna sa pamamagitan ng mga hakbang para sa earthquake resistance at pag-iwas sa baha, at iba pa.
- 5 Pagtulong sa mga tao na hindi makabalik sa kanilang tahanan pagkatapos ng isang sakuna.

3

Ligtas at Tiwasay! Estratehiya para sa Pag-iingat at Seguridad ng Pang-araw-araw na Buhay

- 1 Pagpapahusay sa first aid at emergency services.
- 2 Paglikha ng ligtas at tiwasay na lungsod.





Pagsuporta sa ligtas at tiwasay na pagpapaunlad ng kalunsuran mapagkakatiwalaan ng mga mamamayan.

Shun Sakabe

Guidance Section
Ambulance Administration Division
Ambulance Services Department
Fire Bureau

minuto (noong 2018), na napakaikli para sa sukat ng isang lungsod. Sa palagay ko, dahil ito sa pagkakaintindihan at kooperasyon ng emergency services ng bawat institusyong medikal. Bagaman ipinagpapatuloy namin ang pagsisikap na mapaikli pa ang oras sa pamamagitan ng araw-araw na pagsasanay, habang inaasahang tumaas ang bilang ng mga emergency dispatch, kinakailangan organisahin na organisahin ang buong fire bureau para pangasiwaan ang nagbabagong sitwasyon. Sa anim na taon na pagiging paramediko, naging dedikasyon ko ang emergency rescue habang nag-aaral ng mga specialized procedures tulad ng endotracheal intubation, intravenous drip, at pangangasiwa ng mga gamot. Inaasahan ko na makapagtrabaho sa human resource development sa praktikal na paraan sa pamamagitan ng malawakang pagbabahagi ng aking kaalaman at mga kasanayan na

aking natamo sa ngayon, at tumutok sa pagsasanay ng mga batang paramediko.

Ang isa sa mga isyu na dapat na hinaharap naming lahat na nagtatrabaho sa field ay ang pagsuporta ng mga aktibidad para sa kahandaan sa mga lokal na sakuna. Sa aming tantya sa Nankai megathrust earthquake, ang bilang ng pinsala ay maaaring mabawasan ng mga kalahati sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga hakbang para maiwasan ang mga nahuhulog na kasangkapan sa bahay. Sa aking palagay, isang mahalagang misyon namin ang sumuporta sa pagpapalano ng kalunsuran kung saan ang mga mamamayan ay maaaring magpatuloy sa pakiramdam nilang sila ay ligtas at tiwasay sa hinaharap sa pamamagitan ng pagtataguyod ng disaster preparedness sa kabahayan at sa mga organisasyon ng voluntary disaster prevention.



Pagsasanay sa pagsagip ng buhay na isinagawa sa pakikipagtulungan ng mga rescue squads

Estratehiya

4

Paglikha ng Isang Masiglang Lungsod at mga Bagong Pagpapahalaga Base sa Malakas na Pundasyong Ekonomiko ng Nagoya na Nakapagpapatatag sa Kakayanan ng Siyudad na Mabuhay na may Armoniya Kasama ang Kalikasan



Pagtanggap ng Inobasyon sa Nagoya

- Pakikwento sa amin ang tungkol sa iyong trabaho.

Noon, ang mga kompanyang Hapon ang nangingibabaw sa ranggo ng world stock market capitalization, subalit sa mga nakaraang taon, ang mga kompanya sa ibang bansa tulad ng Google, Amazon, Facebook, at Apple ang nangingibabaw sa ranggo na nagpahina sa katayuan ng Japan. Sa ganitong tagpo, tumututok ang Nagoya sa paglikha ng mga nagsisimulang kompanya at pinabubuti ang kapaligiran nito sa pag-asang makapagsisimula ito ng mga inobasyon. Ako ang namamahala sa pag-draft ng mga hakbangin nito, mga pasilidad sa operasyon, at mga programa ng pagpapalano.

Noong 2017, isinagawa namin ang NAGOYA HACKATHON na naging paligsahan ng mga batang inhinyero para sa mga ideya gamit ang information technology. Mula 2018, isinasagawa na namin ang NAGOYA BOOST 10000, isang innovator training at business creation program. Pagkatapos, noong 2019, naging kasama ako sa pagbubukas ng NAGOYA INNOVATOR'S GARAGE, isang lugar para sa pagpapalitan at interaksyon sa pagitan ng mga umiiral na mga negosyo at mga nagsisimulang kompanya. Ang HACKATHON at iba pang mga aktibidad ay hindi lamang nagtitipon ng mga kompanya, kung hindi nagbibigay din ng lubos na suporta patungo sa pag-unlad ng mga bagong negosyo. Masaya ako kapag ang mga kompanya ay konektado at kung ang mga bagong negosyo at proyekto ay nalilikha mula doon. Nakasisiya ang mapabilang sa pangangalap ng mga

pangangailangan ng mga negosyo sa pagpapalano at pagsasagawa ng mga hakbangin.

Ang lungsod na Gumagamit ng Kanyang Kalakasan para Harapin ang mga Hamon

- Ano ang kalakasan ng Nagoya?

Sa aking palagay, kalakasan ng Nagoya ang kasaganaan ng mahuhusay na mapagkukunang tao sa mga kolehiyo at unibersidad sa lungsod, at mga kompanya ng



1

Welcome Asia! Welcome Maglev! Estratehiya para Mapahusay ang Kakayahan ng Kalunsuran

- 1 Pagpapalakas ng atraksyon sa sentro ng lungsod bago ang pagbubukas ng Chuo Shinkansen Maglev line.
- 2 Pagpapaunlad ng imprastruktura para sa darating na 20th Asian Games.
- 3 Pagtataguyod ng mga pagsisikap para maitatag ang Nagoya bilang isang lungsod na isinasama ang makabagong teknolohiya ng urban mobility.
- 4 Pagpapaginhawa at pagpapadali sa pampublikong transportasyon.
- 5 Pagpapahusay sa network ng rehiyonal na transportasyon.

2

Tungo sa Isang Mapananatiling Kinabukasan! Estratehiya para sa Pagtataguyod ng Eco-city

- 1 Transisyon tungo sa mababang karbon na pamumuhay at istilo ng negosyo.
- 2 Paglikha ng higit na luntiang kapaligiran, pagpapanumbalik sa likas na daloy ng tubig, at pangangalaga sa biodiversity.
- 3 Pagtaguyod ng tatlong R para umangkop sa mga pagbabago ng lipunan at ekonomiya.
- 4 Pagtaguyod ng mga komprehensibong hakbangin na maiuugnay ang kapaligiran sa ekonomiya, at sa ating lipunan.



Pagpapahusay ng kooperasyon sa pagitan ng mga kompanya na may pagsasaalang-alang sa global na pagpapalawak.



Naoki Inagaki

Senior Staff Member
Industry & Labor Division
Industry Department
Civic & Economic Affairs Bureau

pagmamanupaktura. Kabilang sa mga estudyante ng kolehiyo at unibersidad ay ang mga tao na pinipili ang trabaho base sa kung ano ang kanilang natutunan sa mga programang pang-negosyo. Naglalabas din ang Nagoya ng mga nagsisimulang kompanya na may pag-asa sa hinaharap sa iba't ibang larangan, kasama ang AI, robotics, space, at healthcare.

- Anu-ano ang ilan sa mga gawain ang nais mong pagsumikapan o pagtuunan ng pansin sa hinaharap?

Mahalaga ang magkaroon ng maraming tagahamon na mangunguna sa paglikha ng inobasyon. Sa aking palagay, ang pagsasanay sa pagiging negosyante ay dapat na

aktibong maisagawa para paunlarin ang mga negosyante at mga mapagkukunang tao na maaaring makagawa ng bagong negosyo sa loob ng mga kompanya.

Kasabay nito, kailangan na makapaglinang ng isang kultura na tumatanggap ng pagkabigo at humihikayat ng mga hamon. Dapat na makapagtatag tayo ng isang pundasyon na aktibong nakatalaga ang bagong kawani at nasuri sa kanilang pagkatuto mula sa kanilang mga pagkakamali. Sa palagiang inobasyon at gamit ng nangungunang teknolohiya, ang Nagoya ay magiging isang lugar na ang mga mamamayan ay maaaring mabuhay nang may lubos na kasaganaan. Kaya't mapagsumikapan ko sanang gawin ang kaya at dapat gawin ng administrasyon para maisakatuparan ito.

3

Pagtaguyod ng Pakikipagpalitan para Makalikha ng mga Bagong Pagpapahalaga! Estratehiya ng Inobasyon

- ➊ Pagsuporta ng inobasyon at mga bagong negosyo.
- ➋ Pagtaguyod sa paglikha ng pagpapahalaga at pagpapalaki ng mga industriya, mga istrategikong hakbangin para makaakit ng mga negosyo sa Nagoya.
- ➌ Pagtaguyod sa palitang pang-industriyal at mga negosyong may kaugnayan sa MICE.
- ➍ Muling pagpapasigla ng pang-rehiyonal na komersyo.
- ➎ Pagkuha at pagsanay ng mga tauhan na kailangan sa sektor ng pang-industriya.

4

Lubusin Natin ang Ating Atraksiyon! Estratehiya para Mapahusay at Maipabatid ang Atraksiyon ng Nagoya

- ➊ Paglikha at pagpapalabas ng impormasyon tungkol sa atraksiyon ng lungsod na nakatuon sa Nagoya Castle.
- ➋ Pagpapalakas at pagpapabatid ng atraksiyon ng Nagoya kasama ang kultura, mayamang kasaysayan, at mga atraksiyon pang-turista.
- ➌ Pagtaguyod ng internasyunal na palitan para makalikha ng isang kapaligiran na may masayang pagtanggap sa mga bisita, at makaakit ng mga bisita mula sa ibang bansa.
- ➍ Paglikha at pagpapabatid ng atraksiyon ng Nagoya sa pamamagitan ng sports at pop culture.
- ➎ Paghikayat ng pambayang pagmamalaki.



NAGOYA BOOST DAY, isang pitch event para makalikha ng mga bagong oportunidad pangnegosyo.

Ang Gusto ko Tungkol sa Nagoya

Kung papansinin ninyong mabuti, madidiskubre ang kahalinahan na kakaiba sa karaniwang akit.

Ang mga **matatayog na gusali sa paligid ng Nagoya station** ang mga tampok na bahagi na dapat makita! Mararamdaman mo ang lakas ng Nagoya sa pamamagitan ng iyong pagtingala sa mga matatayog na gusali.

Kinagigiliwan ko ang **intonasyon ng diyalekto ng Nagoya**. Tinatangi ko ito at ayaw kong mawala ito saan man ako magpunta.

Hindi masyadong kanayunan at hindi rin masyadong kalunsuran ang Nagoya. Kinagigiliwan ko ang tanawin sa paligid ng Nagoya Castle!



Nagoya, ang may perpektong **katangian para sa isang lungsod** at patungo sa pagiging pinakamaganda sa mundo!

Kombinyente, magandang tirahan, at maganda ang pagkabalanse! Higashiyama Zoo, Science Museum, at Nagoya Philharmonic Orchestra, ilan sa mga paborito ko mula pagkabata.

Nasisiyahan akong tamasahin ang apat na panahon dahil **maraming parke at halaman** kahit na ito ay isang lungsod.

May **sariling kultura** ang Nagoya, tulad ng lokal na pagkain na Nagoya-meshi. Ito ang pagkakakilanlan ng Nagoya!

Talasalitaan

▼IoT

Tumutukoy ang IoT (Internet of Things) sa ekstensyon ng internet connectivity sa pang-araw-araw ng mga bagay bilang karagdagan sa impormasyon at mga telecommunication device, tulad ng computer. Pinahihintulutan ng IoT ang mga pang-araw-araw na bagay na makakonekta sa internet at makipagkomunikasyon sa iba pang mga device para awtomatikong mag-identify, magkontrol, at mag-remote monitoring.

▼Innovation

Para makapagbigay ng mga dramatikong pagbabago sa pamumuhay ng tao sa pamamagitan ng malayang pag-iisip na makalilikha ng bagong pagpapahalaga.

▼AI

Ang teknolohiyang AI (Artificial Intelligence) ay nagpapahintulot sa mga computer na maging intelihenteng makina na nakauunawa ng lengguwahe, lohika, at paglutas ng mga problema para sa mga tao.

▼Emergency medical care system

(Unang sistema) para sa mga pasyente na may bahagyang karamdaman tulad ng sipon o biglaang lagnat; (Ikalawang sistema) para sa mga pasyente na nangangailangan ng pagpapa-ospital o emergency na pagpapa-opera; (Ikatlong sistema) para sa mga pasyenteng may malubhang sakit na nangangailangan ng advanced medical care.

▼Tatlong R

Reduce, Reuse, at Recycle - ang tatlong pamamaraan na maaaring gamitin ng lahat para mabawasan ang basura.

Habang naiintindihan nang husto, lalong lumalalim ang kaalaman mo sa **kultura ng café** sa Nagoya. May misteryosong kapangyarihan ang mga coffee shop sa pagkonekta ng mga tao.

Ang matatanaw mula sa **Takinomizu Park** ay isa sa mga pinakamagandang tanawin sa Nagoya. Nakagiginhawang tingnan ang cityscape at kalikasan ng Nagoya.

Sa aking palagay, nakatago sa puso ng mamamayan ng Nagoya **ang kanilang malalim na pagmamahal sa lungsod**. Para sa akin ito ay kaibig-ibig.

Ang mga **matatamis na kakanin** ay 'di hamak na pinakamasarap sa Japan! Mataas ang kalidad ng lasa at itsura! Masasabi ko iyan nang may kompiyansa!



Napakaraming mga **kaakit-akit at kahanga-hangang tao**. At napakasasarap ng pagkain at sake... Mahirap pumili.

Kawili-wili ang mga **dambana at mga sinaunang banal na lugar sa kakahuyan** dahil tirahan ito ng mga kakaibang organismo. Makibahagi tayong lahat na protektahan ang mga ito!

Maraming tao ang ipinagmamalaki ang Nagoya. Mahal ko ang mga **mamamayan ng Nagoya** na nakikibahagi sa komunidad!

Makapamumuhay nang may kapayapaan ng isip dahil maraming mga **institusyong pang-medikal tulad ng mga ospital**. Malaking pasasalamat ko na may Senior Citizen's Pass.

Ang Nais ko Tungkol sa Nagoya

▼ Super mega-region

Ang Tokyo, Nagoya, at Osaka ang kasalukuyang bumubuo ng isang malaking kalunsuran na tinatawag na mega-region. Ang pagtatapos ng buong Chuo Shinkansen Maglev line ang magdadala sa pagkakalapit ng tatlong lungsod na ito. Magbubuo ito ng super mega-region na may pinakamakapal na populasyon sa buong mundo, samantalang pinahihintulatang mapanatili nito ang natatanging katangian ng bawat lungsod.

▼ Ang Kalakhang Nagoya

Tinatayang may 30 hanggang 50 kilometro ang radius ng rehiyon na nakasentro sa Lungsod ng Nagoya. Ang aktwal na laki ng lugar ay maaaring mag-iba ayon sa mga espesipikong pokus (hal., industriya, turismo, at kahandaan sa sakuna).

▼ MICE

Pinaikling Meeting, Incentive Travel, Convention, at Exhibition/Event. Ang termino ay tumutukoy sa kahit na anong kaganapang pangnegosyo na nakaakit ng maraming bilang ng tao at nagpapabilis sa kanilang

interaksyon. Mga halimbawa nito ang mga pagpupulong ng mga kompanya, corporate incentive travel, mga kumbensyon na ginaganap ng mga internasyunal na organisasyon, mga grupo, at mga lipunang pang-akademiko, pati na rin ang mga exhibition, trade fair, at mga katulad nito.

▼ Locomotive syndrome

Isang kondisyon na ang mga motor function tulad ng pagtayo at paglalakad ng isang tao ay napipinsala dahil sa paghina ng motor system kasama ang mga buto, mga kasukasan, at mga kalamnan.



Aklat-Gabay ng 2023 Master Plan ng Lungsod ng Nagoya

Abril 2020

Editor•Publisher : Planning Division, Planning Department,
General Affairs Bureau, City of Nagoya

460-8508 Nagoya-shi, Naka-ku, Sannomaru 3-1-1

Telepono: 052-972-2203 Fax: 052-972-4418

